# ITAPON ANG MGA HADLANG

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis Techie Rodriguez-Elder Founder
Abril 22, 2023

Ang panalangain ay isang kamangha-manghang pagkakataong ibinigay ng Diyos sa atin tuwing tayo ay nahaharap sa matinding pagsubok. Sa lahat ng nagmamahal sa Kanya: "Alam nating sa lahat ng bagay, ang Diyos ay gumagawang kasama ang mga nagmamahal sa Kanya, ang mga tinawag ayon sa Kanyang panukala, sa kanilang ikabubuti" (Roma 8:28). May mga pagkakataong hindi natin alam kung ano ang ating ipagdadasal, alam ng Diyos at naiintindihan Niya ang ating mga pangangailangan. Gayunpaman , ang pagsuway ang nagiging dahilan kung bakit hindi Niya tinutugon ang ating mga kahilingan, kaya nga't nararapat nating itapon ang mga hadlang dahil naghihintay ang Diyos sa ating pagsunod: "Hindi Siya nagkakait ng mabuting mga bagay sa sinumang ang gawain ay matuwid at marangal" (Awit 84:11).

**A. Mga dahilan kung bakit 'Hindi' ang sagot ng Diyos sa ating mga panalangin:**

**1. Kapag hindi tayo humihingi**

Laging sumasagot ang Diyos sa ating mga panalangin. Alam Niya ang ating kailangan bago pa man tayo humiling. Samakatuwid, dapat palagi tayong manalangin tuwi-tuwina.

**2. Kapag mali ang ating panalangin**

Ang makasariling layunin sa pagdarasal ay walang kapangyarihan. "Humingi man kayo, wala rin kayong matatanggap, sapagkat masama ang iyong layunin" (Santiago 4:3). Kung gayon, humiling ng mga bagay na nagbibigay luwalhati sa Diyos.

**B. Mga hadlang na dapat Itapon**

**1. Mga diyos-diyusan**

Ang diyos-diyusan ay anumang bagay na ipinagpapalit sa Diyos, at dito na lamang nakatuon ang ating atensyon at pagmamahal. Ang ating Panginoon, ating Diyos ay seloso (Exo.20:3-6). May mga iba't-ibang diyos-diyusan: sarili (reputasyon), pamilya, negosyo, trabaho at ari-arian. Makakaiwas tayo sa mga harang papunta sa Diyos kung isusuko natin ang ating mga idolo.

**2. Pagiging maramot at Pagiging makasarili**

Nagmamalasakit ang Diyos sa mga mahihirap, tinatawagan Niya tayong mag-alaga at tumugon sa kanila. "Ang hindi pumapansin sa hibik ng mahirap, daraing din balang araw ngunit walang lilingap." (Kawikaan 21:13).

**C. Ano ang ikapu?**

Ang ikapu ay pagbibigay sa Diyos ng 10% ng ating kinikita sa pamamagitan ng pagbibigay sa simbahan at komunidad (*storehouse). "*Ibigay ninyo buung-buo ang inyong ikapu upang matugunan ang pangangailangan sa aking templo. Subukan ninyong gawin ito , kung hindi ko buksan ang mga durungawan ng langit at ibuhos sa inyo ang masaganang pagpapala" (Mal.3-10).

**D. Katotohanan tungkol sa Ikapu**

**1. Ang pagbibigay ng ikapu ay inaasahan sa isang Kristiyano.** Lahat ng ikapu, maging binhi o bunga ng halaman, ay nakatalaga sa Diyos at ibukod bilang banal na alay sa Kanya (Lev.27:30).

**2. Magbigay ng ikapu nang bukal sa puso**.

Bawat isa sa atin ay magbigay ayon sa sariling pasya, maluwag sa loob at di napipilitan lamang, sapagkat ang ibig ng Diyos ay kusang pagkakaloob (2 Corinto 9:6-8).

**3. Motibo sa Pagbibigay: Ang mga Maling Motibo**

1. para makilala 2. para payapain ang Diyos 3. para makamit ang gantimpala ng Diyos 4. para makatupad lamang sa obligasyon

**4. Motibo ng Pagbibigay: Mga Tamang Motibo**

1. para magpasalamat sa Diyos sa lahat ng biyayang ibinigay sa atin 2. para maipadama ang pagmamahal sa Diyos at 3. para sumunod sa Diyos

**Konklusyon:**

Para masagot ang mga panalangin, "Oo" ang tugon ng Diyos, at matatangap natin ang ating kahilingan. "Hindi" ang tugon ng Diyos, kailangan nating tanggapin, at magpatuloy, o "Hindi muna" upang matuto tayong maghintay. Tungkol sa mga hadlang, maaaring tanggihan ng Diyos ang ating hiling para umayon tayo sa Kanyang kalooban.

**Pagninilay:**

Anong sagabal ang kailangan mong itapon na nagiging hadlang sa iyong buhay panalangin na ninanais ng Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website**
https://lordsflock.org/teachings/digests